

THE QUEEN'S HEALTH SYSTEMS

Patakarán sa Kawang-gawang Pangangalaga **Exhibit D** Buod sa Simpleng Lenguwahe

PANGKABUUNANG IMPORMASYON: Naninindigan ang The Queen's Health Systems Hospitals (The Queen's Medical Center sa Punchbowl at West Oahu, Molokai General Hospital at North Hawaii Community Hospital) sa pagbibigay sa mga pasyente ng mga serbisyong medikal at walang-pagkiling na isinasaalang-alang ang pinansiyal na kakayahan ng pasyente na bayaran ang gastos sa mga serbisyo ng ospital.

Patakarán sa Pinansiyal na Tulong (Kawang-gawang Pangangalaga)

Nag-aalok ang Patakarán sa Pinansiyal na Tulong, tinatawag ring Kawang-gawang Pangangalaga (Charity Care), sa mga pasyente ng mga pang-emerhensiyang serbisyo at serbisyong medikal sa mababang presyo o nang libre. Inilalapat ang nadiskuwentuhang presyo sa isang kwalipikadong pasyente na walang, o hindi makakuha ng sapat na, pamamaraang pinansiyal upang bayaran ang kanilang pangangalagang medikal. Tutulungan ng aming mga empleyado ang mga indibidwal, nang walang bayad, sa pag-aaplay para sa mga kwalipikadong programa ng pamahalaan na insurance pangkalusugan, tulad ng Medicare at Medicaid/ Quest. Sa sandaling maaprubahan ang aplikasyon para sa Pinansiyal na tulong, makakatanggap ang mga indibidwal ng 100% o 65% diskuwento.

Maaaring ma-screen ang mga aplikante kung kwalipikado sila sa Medicaid at hihinging makipagtulungan sa pag-aaplay para sa Medicaid-Quest.

Mga Kinakailangan upang maging Kwalipikado

Sa kalahatan ipinapasya ang pinansiyal na tulong sa pamamagitan ng isang sliding scale ng kabuuang kinikita ng sambahayan batay sa Federal Poverty Guidelines para sa mga citizen ng US at residente ng US o batay sa taunang minimum wage ng bansa para sa mga hindi citizen ng US o mga hindi residente ng US.

Paano at Saan Kukuha ng Impormasyon at Tulong Hinggil sa Aming Patakarán sa Pinansiyal na Tulong

Mangyaring bisitahin ang mga opisina ng Patient Access o Business Services sa alinman sa aming mga ospital kung saan bibigyan kayo ng isang kinatawan ng aplikasyon kung hihingin ninyo ito.

Maaari din ninyong tawagan ang isang Patient Account Representative sa (808) 691-5300, Lunes hanggang Biyernes mula 8:00 a.m. hanggang 4:30 p.m. sa bawat ospital (nakasulat ang mga address sa ibabang bahagi ng papel na ito). Makukuha ang mga aplikasyon sa bawat ospital

Maaari kayong kumuha ng kopya ng Patakarán sa Pinansiyal na Tulong, aplikasyon para sa pinansiyal na tulong at nitong buod sa simpleng lengguwahe sa mga website ng bawat ospital:

www.queens.org/financialassistance

www.molokaigeneralhospital.org/financialassistance

www.nhch.com/financialassistance

Pagkakaroon ng mga Naisalin sa Ibang Lenguwahe

Makukuha ang Aplikasyon para sa Pinansiyal na Tulong at ang Buod sa Simpleng Lenguwahe sa salitang Japanese, Samoan, Vietnamese, Korean, Chinese, Tongan, Chuukese at Tagalog.

Mangyaring isumite ang inyong nakumpletong aplikasyon sa Business Services sa:

The Queen's Medical Center Punchbowl, 1301 Punchbowl Street, Honolulu, Hawaii 96813
The Queen's Medical Center West Oahu, 91-2141 Fort Weaver Road, Ewa Beach, Hawaii 96706
Molokai General Hospital, 280 Home Olu Place, Kaunakakai, Hawaii 96748
North Hawaii Community Hospital, 67-1125 Mamalahoa Highway, Waimea, Hawaii 96743